
8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 5: Misyon ng Pamilya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: Misyon ng Pamilya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Mary Jane C. Cortes |
| **Editor:** | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagasuri:** | Elizabeth M. Ysulan, Michael C. Paso, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion, Corazon F. Adrales, Eva P. Noynay |
| **Tagaguhit:** | Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat, Gilbert H. Japay |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol Jr.<br>Maripaz F. Magno<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 5: Misyon ng Pamilya

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 5 para sa **Misyon ng Pamilya!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 5 para sa **Misyon ng Pamilya!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



# *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa upang lubusang makikilala ang mga gawi o mga karanasan sa sariling pamilya na kung saan ay nagpapakita ng pagbibigay ng sapat na edukasyon, paggabay ng magulang sa tamang pagpapasya at paghubog ng pananampalataya upang maging matatag ang samahan ng bawat kasapi nito, hindi lang sa miyembro ng pamilya maging sa pakikitungo sa kapuwa. Ang karanasang ito ay magsisilbing matibay na pundasyon na makatutulong sa maayos na pakikitungo sa lipunang ginagalawan kalakip ng pagsasabuhay sa mga aral na natutunan sa pamilya.

Mayroon din itong inihandang piling gawain na kung saan ay magpapatibay sa iyo at magbubukas ng iyong isipan sa kung ano ang dapat mong matutunan. Halina't makibahagi sa araling ito at tumuklas ng mga bagong kaalaman.

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Nakikilala ang mga gawi o karanasan sa sariling pamilya na nagpapakita ng pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog ng pananampalataya. (EsP8PB-Ic-2.1)



## *Subukin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Sino ang gumagabay at humuhubog sa pamilya?
   A. anak
   B. lipunan
   C. magulang
   D. pamayanan

2. Ano ang orihinal at pangunahing karapatan ng mga bata?
   A. karapatang kumain
   B. karapatang mabuhay
   C. karapatan sa edukasyon
   D. karapatang magkaroon ng magulang

3. Ano ang katuwang ng mga magulang sa pagpapatupad ng edukasyon para sa mga bata?
   A. paaralan
   B. mga kapitbahay
   C. mga kamag-anak
   D. kawani ng gobyerno

4. Sino ang naggabay sa mga anak sa bawat pagpapasya?
   A. kaibigan
   B. kapatid
   C. magulang
   D. pamilya

5. Ano ang umusbong sa Pilipinas matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig?
   A. kapuluan
   B. kayamanan
   C. pagmamahal
   D. relihiyon

6. Alin sa sumusunod ang kakikitaan ng paggabay sa pagpapasya?
   A. sama-samang pagdarasal
   B. pagturo sa anak ng tama at mali
   C. pagbabasa ng mga kuwento gabi-gabi
   D. pagturo sa paggamit ng banal na aklat

7. Ano ang bunga ng maling pagpili?
    A. karahasan
    B. karanasan
    C. pagmamahal
    D. pagsisisi

8. Ano ang hinuhubog sa mga kabataan sa pagpili ng damit na maisusuot at pagkuha ng kurso ayon sa kanilang nais?
    A. pag-aayuno
    B. pagkilos
    C. pagpapasya
    D. pagsasakripisyo

9. Sino ang nagiging guro ng mga kabataan sa bahay kung saan ay tinuturuan at tinutulungan sila sa mga takdang-aralin?
    A. tiyuhin/tiyahin
    B. malapit na kaibigan
    C. malapit na kamag-anak
    D. nakatatandang kapatid

10. Ano ang tawag sa paraan ng pananampalataya ng mga kristiyano?
    A. kapistahan
    B. kasal
    C. paghahanda
    D. pagsisimba

11. Paano itinuro sa mga magulang ang mga pagpapahalaga na dapat malinang sa pagkatao ng isang bata?
    A. sapilitang pamamaraan
    B. payak na pamamaraan
    C. magastos na pamamaraan
    D. masalimoot na pamamaraan

12. Bakit sinasabing ang pagbibigay ng edukasyon, paghubog sa pagpapasya at pananampalataya ay pinakamagandang regalo ng magulang sa anak? Dahil ito ay:
    A. trabaho ng magulang sa anak
    B. tungkulin ng magulang sa anak
    C. dapat maibigay ng magulang sa anak
    D. batayan na makabuluhan ang pag-aaruga at pagpapalaki sa anak

13. Bakit kailangan bigyan ng kalayaan ng magulang ang anak sa kanilang kagustuhan?
    A. dahil ito ay tama
    B. dahil ito ay nararapat
    C. upang masunod kung ano ang gusto
    D. upang mapaunlad ang kakayahan sa pagpapasya

14. Bakit pinapaaral ng mga magulang ang anak sa paaralan?
    A. upang maging matalino
    B. upang yayaman pagdating ng panahon
    C. upang maging maganda ang kinabukasan
    D. upang malinang ang aspekto na huhubog sa pagkatao

15. Bakit sinasabing hindi madali ang paggabay ng mga magulang sa kanilang mga anak?
    A. dahil nasusunod ang desisyon ng magulang
    B. dahil nagagalit ang anak kapag sinuway ang gusto
    C. dahil may mga anak na nasusunod ang gusto kaysa magulang
    D. dahil habang lumalaki ang anak ay nagkaroon ng sariling pananaw

| Aralin 1 | Misyon ng Pamilya |
|---|---|

*"Ituro sa bata ang daang dapat lakaran, at hanggang sa paglaki'y di niya ito malilimutan"*

-Kawikaan 22:6




## *Balikan*

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.

### Gawain 1: Kilos Mo, Itala Mo!

Isulat sa graphic organizer ang mga naisagawang angkop na kilos sa pagpapatatag ng pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya. Isulat ang sagot sa graphic organizer sa sagutang papel.




1. Nakatutulong ba sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog ng pananampalataya ang mga naisagawang angkop na kilos sa sariling pamilya?



***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.

## *Tuklasin*

**Gawain 2: Apat na Larawan, Isang Salita!**


Tukuyin kung ano ang inilalarawan ng apat na larawan sa bawat bilang upang mabuo ang nakatagong salita o parirala at pagnilayan ang mga gabay na tanong.




| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | D | | K | A | | Y | | N |




| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | A | | | | A | | | | L | A | | | | A |



| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | G | | | P | | | | A |

Gabay na Tanong:

1. Ano-ano ang mga salitang iyong nabuo?
2. Madalas mo ba itong marinig sa iyong mga magulang?



## *Suriin*

Nasagutan mo ba nang may kahusayan ang unang tanong sa bahaging ***Tuklasin***? Kung ang sagot mo ay edukasyon, pananampalataya at pagpapasya, tama ka sa iyong sagot kaibigan. Madalas mo rin bang marinig ang linyang ito sa iyong mga magulang?

*"Anak, mag-aral kang mabuti at huwag kalimutang tumawag sa Panginoon at patatagin ang iyong pananampalataya. Edukasyon ang kayamanang hindi mananakaw sa iyo ng ibang tao".*

Tiyak, alam na alam mo na ang linya ng iyong nanay at tatay o maging mga nakatatanda mong kapatid sa inyong pamilya.

Sinasabing ang pagbibigay ng edukasyon, paghubog ng pagpapasya at pananampalataya ang pinakamisyon ng mga magulang. Ito rin ang pinakamagandang gantimpla o regalo na maaaring ibigay ng anak sa kanyang mga magulang dahil ito ay isa sa mga batayan upang masabi sa sarili na naging wasto at makabuluhan ang pag-aaruga, pagpapalaki at paggabay sa mga anak mula pagkabata hanggang ito ay humantong sa wastong gulang na maari nang tumayo sa sariling mga paa.

Napakahirap magampanan ang ganitong pananagutan at responsibilidad ng magulang sa mga anak. Ang mga natutuhan ng isang anak sa loob ng tahanan ay nakaimpluwensiya sa pakikitungo sa kapuwa na magpapatatag sa sariling pamilya. Kung kaya, ipinapakita ng mga magulang ang magagandang gawi upang sa murang edad ay malinang at mahubog ang kahalagahan ng edukasyon, paggabay sa pagpapasya at pananampalataya.

Iba-iba man ang pamilyang pinagmulan ay may iisa o nahahawig na paraan kung paano ipinapakita ng mga nakatatanda ang magagandang gawi at asal upang malinang ang mga nabanggit na aspekto sa ating buhay.

**Sa Pagbibigay ng Edukasyon**

Ang mga anak ay mahalaga sa mga magulang gayundin ang mga magulang sa mga anak kaya nararapat lamang na bigyan ng importansiya ng mga magulang ang pagtuturo sa mga anak upang matuto sa anumang paraan.

Halimbawa, nasa sinapupunan o sanggol pa lang ay ipinadama na ang pagmamahal at pagbibigay edukasyon sa isang bata sa pamamagitan ng pag-aalay ng mga awiting pambata at pagbabasa ng mga kuwento gabi-gabi. Sa pag-uumpisang maglakad at mag-*babbling* tinuturuan ng mga magulang kung paano bumigkas ng mga salita tulad ng mama at papa. Karagdagan nito, itinuro din sa payak na pamamaraan ang mga pagpapahalagang dapat malinang sa pagkatao ng isang bata. Halimbawa, itinuturo sa nakababatang kapatid ang kahalagahan ng pagbibigay ng pagkain sa kanyang kapuwa bata, pagpaparamdam ng pagmamahal sa pamamagitan ng yakap at paghalik sa pisngi o kaya ay maging pagtuturo ng pagsayaw o pag-awit. Ito ang dahilan kung bakit ang magulang ay itinuturing na una at pangunahing guro ng mga anak sa tahanan.

Habang ang isang bata ay nagbibinata o nagdadalaga, ipinapakilala ng magulang ang mga tuntunin o batas na dapat malaman at bigyang pansin sa pamilya. Dagdag pa rito, hindi ipinagkait ng mga magulang ang pagpapaaral sa mga anak.

Sa pagpapatupad ng tungkulin para sa edukasyon sa mga bata, ang mga magulang ay may katuwang na institusyon na paaralan sa lipunan. Kung saan pinag-aaral ang mga kabataan upang mas malinang sa kanila ang iba't ibang aspekto na huhubog sa pagkatao kung saan inaasahang mas tatalas ang kanyang pag-iisip at kakayahang umunawa sa mga bagay-bagay. Pag-uwi sa bahay, naging guro din ng kabataan ang mga nakatatandang kapatid kung saan tinuturuan at tinutulungan sa paggawa ng mga takdang aralin upang mas maipaintindi rito ang mga konsepto. Ang ganitong misyon ng magulang ay magpapatuloy hanggang sa makapagtapos ang anak sa pag-aaral at maging produktibong mamamayan.

**Sa Paggabay sa Pagpapasya**

Sa paglaki ng bata ay sumisibol din ang paglago ng kanilang karunungan. Sa panahong ito, ginagabayan ng mga magulang ang pagpapasya ng mga anak.

Mahalaga na sa murang edad ay inisa-isa sa anak ang mga tuntunin o batas na dapat sundin sa isang pamamahay o maging pagsunod sa mga batas sa lipunan. Sa panahong ito, itinuturo ng magulang ang pagiging mapanagutang anak sa kanyang kilos at maunawaan kung ano ang tama at mali sa isang sitwasyon. Halimbawa, isa sa sinusunod na tuntunin sa bahay ay sa pagsapit ng ikaanim ng gabi ang lahat ng kasapi ng isang pamilya ay nakauwi na ng bahay. Kung ang tuntuning ito ay matagumpay na nasunod at naipaliwanag ng magulang sa anak ang kahalagahan sa pagsunod ng tuntunin, uuwi sa takdang oras ang mga anak.

Kaakibat ng pagpapasya ay ang pagpili at pagbuo ng desisyon ng isang pamilya. Kung kaya, mainam na mapaunawa ng magulang sa anak ang kahalagahan ng pagiging mapanagutan sa pagpapasya. Sa yugtong ito, ang anak ay nabibigyang pagkakataon na magpasya sa mga simpleng bagay ngunit sa gabay pa rin ng magulang. Halimbawa, bilang anak ay malayang pumili kung paano bihisan ang sarili, anong pagkain ang gustong kainin, anong laro ang sasalihan at iba pa.

Ang pagbibigay laya sa ganitong pagpili ng anak ay makatutulong upang mapaunlad ang kakayahan nito sa pagpapasya.

Sa totoong buhay, hindi madali ang paggabay ng mga magulang sa kanilang mga anak sapagkat ang mga kabataan habang lumalaki ay nagkakaroon na rin ng sariling pananaw sa buhay kung kaya minsan ay nagsasalungat ang gustong mangyari ng anak at magulang. Halimbawa, maaring ang iyong magulang ay inihahanda ka para sa isang sikat na kurso sa kolehiyo ngunit ito ay taliwas at naiiba sa iyong hilig at kakayahan. Nagpaubaya ang iyong magulang, sinuportahan ang piniling kurso at ginabayan ka sa piniling landas upang mas mapanindigan sa huli na tama ang nagawang pagpapasya dahil ikaw ay nagtapos at umunlad sa piniling larangan.

Ang pagsisisi ay bunga ng maling pagpili ng tao. Ang pagkakaroon ng kakayahan sa mabuting pagpapasiya ay bunga naman ng karunungan at pagpapahalagang naitanim ng mga magulang sa kanilang mga anak mula noong sila ay bata pa lamang. Maliban sa wastong pagdedesisyon at matapang na pagharap sa resulta ng isang pagpapasya mahalaga ring ituro at gabayan ng magulang ang anak sa wastong paggamit ng kalayaan lalo na sa mga materyal na bagay. Halimbawa, ang pagtuturo sa anak na hindi kailangang bumili ng mamahaling *cellphone* o mga bagay na hindi pasok sa badyet at hindi masyadong kinakailangan. Mahalagang maipakita sa anak ang mabuting dulot ng payak na pamumuhay. Sa ganitong pagmumulat, maisasapuso ng anak na mas mahalaga ang tao sa kung ano siya at hindi sa kung ano ang mayroon ito.

**Sa Paghubog ng Pananampalataya**

"Anak mag-ayos ka na habang maaga pa para makapagsimba tayo". Naririnig mo rin ba ito sa iyong mga magulang? Bakit nga ba kailangang manalangin ang tao?

Ang pagsisimba ay isang pagpapakita ng pananampalataya. Dito matutunan ng tao ang mga aral ng Panginoon na humubog sa kanyang pagkatao.


Ang tao sa mundo ay may iba't ibang uri ng pananampalataya. Sa bansang Pilipinas, maraming relihiyon ang umusbong matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig. May kalayaan ang bawat Pilipino na piliin at isabuhay ang pinaniniwalaang relihiyon ayon sa kanilang pananampalataya.

Sa pananampalataya rin humuhugot ng lakas at pananalig ang mga magulang upang mas lalong mahubog ang mga anak sa mabuting asal na nagsisilbing gabay upang maging isang mabuting tao. Halimbawa, madalas na pinapasama ka ng iyong mga magulang sa pagpapalaganap ng salita ng Panginoon at panalangin. Naniniwala ang iyong mga magulang na mainam na sa murang edad ay mamulat ka na at makilahok sa mga gawaing may kinalaman sa pagpapaunlad ng pananampalataya.

Walang magulang na magtuturo ng hindi wasto sa anak sapagkat ang layon nito ay mapabuti ang kinabukasan at mabigyang halaga ang mga turo ng Panginoon sa pamamagitan ng pagsasabuhay at pagiging mabuting ehemplo sa anak at ibang tao. Maliban dito, ipinamumulat din sa mga anak ang mga importanteng okasyon sa ating pananampalataya tulad ng pagsasagawa ng Simana Santa at pasasalamat ng mga Kristiyano at pagdiriwang ng Ramadan sa mga Muslim.

Sa pamamagitan ng pananampalataya, nakapagninilay ang pamilya sa kani-kanilang maling gawi kung saan humihingi ang tao ng pagpapatawad at gabay mula sa Panginoon upang maging makabuluhan ang buhay sa mundong ibabaw.

Walang perpektong tao sa totoong buhay ngunit ang lahat ay mayroong pagkakataong magbago at itama ang maling gawi, kung kaya hinihimok ng mga magulang na tumungo ang mga anak sa tahanan ng Panginoon upang magpasalamat, humingi ng kapatawaran at mabusog ang anak sa pangaral ng Panginoon na magsisilbing gabay araw-araw sa buhay.



# *Pagyamanin*

## Gawain 3: Mensahe ng Larawan, Mabuting Gawi Ko!

Isulat ang mensaheng ipinahihiwatig ng larawan na nagpapaunlad sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog sa pananampalataya ng pamilya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. 

2. 

3. 

## Gawain 4: Istorya Mo, Susuriin Ko!

Basahin at tukuyin kung paano ipinakita sa sitwasyon ang pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog ng pananampalataya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Huwaran ng isang mabuting pamilya ang kinagisnan ng magkapatid na Chinny at Tim. Nakita ng magkapatid ang pagsusumikap ng kanilang mga magulang upang mabigyan sila ng mabuting kinabukasan. Bilang mga mabubuting anak ay pinaghusayan pa nilang lalo ang kanilang pag-aaral. Parehong nagtapos ng High School ang magkapatid ng may karangalan kaya labis ang kagalakan ng kanilang mga magulang sapagkat hindi sila binigo ng kanilang mga anak.

Sa bagong yugto ng pag-aaral ng magkapatid, magkaiba ang napili nilang kurso at ito ay batay sa kanilang hilig at interes. Si Chinny ay kumuha ng kursong *engineering* at arkitektura naman ang kay Tim. Salungat ito sa gusto ng kanilang mga magulang sapagkat ang nais ng ina ni Chinny ay pagtuturo sana ang kaniyang gusto sa anak na babae at pagmemekaniko naman ang naiibigan ng ama ni Tim para sa kaniyang anak na lalaki.

Nagdamdam man ang mga magulang nila sa kadahilanan na hindi nila nagugustuhan ang napili ng mga anak, nananalig naman sila na magiging matagumpay ang mga anak nila sa napiling karera at mapaunlad ito. Kahit paman nagkagayon, hindi pa rin sila nagkulang sa paggabay sa kanilang mga anak.

Mga Tanong:

1. Anong pagpapasya ang ipinakita sa binasang sitwasyon?
2. Anong misyon ang napagtagumpayan ng magulang at anak sa sitwasyon?
3. Kung ikaw ang magulang sa sitwasyon, paano mo gagabayan ang iyong mga anak?

Pamantayan sa Pagmamarka:

10puntos - Kompletong nasagot ang tatlong tanong na may tamang ideya.

7 puntos - Dalawang tanong lang ang nasagot na may tamang ideya.

5 puntos - Isang tanong lang ang nasagot na may tamang ideya.

3 puntos - May naisulat na sagot pero malayo ang mga ideya.

## Gawain 5: Sitwasyong Ito, Repleksyon Ko!

Basahin at maglahad ng mga patunay kung anong gawi ang nagpapakita ng pagbibigay edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog sa pananampalataya sa bawat sitwasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Unang Sitwasyon:

Si Ana at si Fe ay kapuwa nag-aaral sa Unibersidad na pinapatakbo ng mga Madre dahil naniniwala ang kanilang mga magulang na magagabayan at mas mapapalapit sila sa tahanan ng Panginoon kung sa murang edad ay naituro na sa kanila ang pagkakaroon nang taimtim at matatag na pananampalataya.

Ikalawang Sitwasyon:

Nasa sinapupunan pa lamang si Betty ay inaawitan at binabasahan na siya ng iba't ibang kuwento ng kanyang nanay at tatay kung kaya nang maisilang at lumaki na ang batang si Betty ay hindi kataka-takang mahilig itong umawit at makipag-usap sa kapuwa bata at nakatatanda sa kanya.

Ikatlong Sitwasyon:

Bukas at kapalagayang loob ni Jezka ang kanyang mga magulang. Bilang nag-iisang dalaga sa pamilya, madalas na tinatanong si Jezka kung may nanliligaw ba sa kanya. Pinapahalagahan ng dalaga ang pamilya kung kaya sinasabi nito sa magulang na may nanliligaw na. Pinayuhan ito ng magulang ngunit sa huli binigyan siya ng kalayaang mamili kung ano ang mas dapat niyang unahin ang pag-aaral o pakikipagrelasyon.

1. Anong misyon ng magulang sa anak ang inilarawan sa bawat sitwasyon? Patunayan.

Pamantayan sa Pagmamarka:

10 puntos-Kompletong nabigyan ng angkop na patunay ang tatlong sitwasyon.

7 puntos -Dalawang sitwasyon lang ang nabigyan ng angkop na patunay.

5 puntos -Isang sitwasyon lang ang nabigyan ng angkop na patunay.

3 puntos -May naisulat na patunay pero malayo ang ideya sa sitwasyon.



## *Isaisip*

**Gawain 6: Dugtungan Mo!**

Dugtungan ang mga pangungusap ayon sa iyong naiintindihan sa aralin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Mahalaga sa mga magulang na mapag-aral ang kanilang mga anak dahil________________________________________.

2. Ang paggabay ng mga magulang sa kanilang mga anak sa pagpapasya ay nakatutulong sa__________________________________ .

3. Kung mahuhubog ng magulang ang matatag na pananampalataya ng anak ay ________________________________________



# *Isagawa*

## Gawain 7: Hakbang Ko Bilang Anak!

Pagnilayan ang mga gawi o sariling karanasan sa iyong pamilya. Isulat sa *ladder graphic organizer* kung paano sinisikap ng iyong magulang na mapagtagumpayan ang misyon nila sa iyo bilang anak. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

______________________________
(Pangalan)

Bilang anak, tutulungan ko ang aking magulang sa kanilang misyon sa pamamagitan ng:

Paghubog ng Pananampalataya

Paggabay sa Pagpapasya

Pagbibigay ng Edukasyon

**Pamantayan sa Pagmamarka**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng talata | Lahat ng misyon ng magulang ang naibahagi nang may kahusayan. | Dalawang misyon ng magulang ang naibahagi nang may kahusayan. | Isang misyon ng magulang ang naibahagi nang may kahusayan |



## *Tayahin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang kakikitaan ng paggabay sa pagpapasya?
   - A. sama-samang pagdarasal
   - B. pagturo sa anak ng tama at mali
   - C. pagbabasa ng mga kuwento gabi-gabi
   - D. pagturo sa paggamit ng banal na aklat

2. Ano ang bunga ng maling pagpili sa pagpapasya?
   - A. karahasan
   - B. karanasan
   - C. pagmamahal
   - D. pagsisisi

3. Ano ang hinuhubog sa mga kabataan sa pagpili ng damit na maisusuot at pagkuha ng kurso ayon sa kanilang nais?
   - A. pag-aayuno
   - B. pagkilos
   - C. pagpapasya
   - D. pagsasakripisyo

4. Sino ang nagiging guro ng mga kabataan sa bahay kung saan ay tinuturuan at tinutulungan sila sa mga takdang-aralin?
   - A. tiyuhin/tiyahin
   - B. malapit na kaibigan
   - C. malapit na kamag-anak
   - D. nakatatandang kapatid

5. Ano ang tawag sa paraan ng pananampalataya ng mga kristiyano?
   - A. kapistahan
   - B. kasal
   - C. paghahanda
   - D. pagsisimba

6. Sino ang gumagabay at humuhubog sa pamilya?
   - A. anak
   - B. lipunan
   - C. magulang
   - D. pamayanan

7. Ano ang orihinal at pangunahing karapatan ng mga bata?
    A. karapatang kumain
    B. karapatang mabuhay
    C. karapatan sa edukasyon
    D. karapatang magkaroon ng magulang

8. Ano ang katuwang ng mga magulang sa pagpapatupad ng edukasyon para sa mga bata?
    A. paaralan
    B. mga kapitbahay
    C. mga kamag-anak
    D. kawani ng gobyerno

9. Sino ang naggabay sa mga anak sa bawat pagpapasya?
    A. kaibigan
    B. kapatid
    C. magulang
    D. pamilya

10. Ano ang umusbong sa Pilipinas matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig?
    A. kapuluan
    B. kayamanan
    C. pagmamahal
    D. relihiyon

11. Bakit kailangan bigyan ng kalayaan ng magulang ang anak sa kanilang kagustuhan?
    A. dahil ito ay tama
    B. dahil ito ay nararapat
    C. upang masunod kung ano ang gusto
    D. upang mapaunlad ang kakayahan sa pagpapasya

12. Bakit pinapaaral ng mga magulang ang anak sa paaralan?
    A. upang maging matalino
    B. upang yayaman pagdating ng panahon
    C. upang maging maganda ang kinabukasan
    D. upang malinang ang aspekto na huhubog sa pagkatao

13. Bakit sinasabing hindi madali ang paggabay ng mga magulang sa kanilang mga anak?
    A. dahil nasusunod ang desisyon ng magulang
    B. dahil nagagalit ang anak kapag sinuway ang gusto
    C. dahil may mga anak na nasusunod ang gusto kaysa magulang
    D. dahil habang lumalaki ang anak ay nagkaroon ng sariling pananaw

14. Paano itinuro sa mga magulang ang mga pagpapahalaga na dapat malinang sa pagkatao ng isang bata?
    A. sapilitang pamamaraan
    B. payak na pamamaraan
    C. magastos na pamamaraan
    D. masalimoot na pamamaraan

15. Bakit sinasabing ang pagbibigay ng edukasyon, paghubog sa pagpapasya at pananampalataya ay pinakamagandang regalo ng magulang sa anak? Dahil ito ay:
    A. trabaho ng magulang sa anak
    B. tungkulin ng magulang sa anak
    C. dapat maibigay ng magulang sa anak
    D. batayan na makabuluhan ang pag-aaruga at pagpapalaki sa anak



# *Karagdagang Gawain*

## Gawain 8: Islogan ng Pamilya Ko

Gumawa ng isang islogan na magpapakita sa mensahe ng kahalagahan sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog sa pananampalataya sa pamilya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| **Pamantayan sa Pagmamarka** | | | |
|---|---|---|---|
| **Deskripsyon** | **10 Puntos** | **7 Puntos** | **4 Puntos** |
| Nilalaman | Ang mensahe ay mabisang naipakita. | Di-gaanong naipakita ang mensahe. | Medyo magulo ang mensahe. |
| Pagkamalikhain | Napakaganda at napakalinaw ng pagkakasulat ng mga titik | Maganda at malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. | Maganda ngunit di-gaanong malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. |
| Kaangkupan sa paksa | May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan. | Di-gaanong may kaugnayan sa paksa ang islogan. | Kaunti lang ang kaugnayan ng islogan sa paksa. |
| Kalinisan | Malinis na malinis ang pagkabuo. | Di-gaanong malinis ang pagkabuo. | Marumi ang pagkabuo. |
| Kabuoang Puntos = 40 | | | |

# Susi sa Pagwawasto

Balikan
Gawain 1
1. pagkakaisa sa mga gawaing bahay
2. pagtulong sa kapatid na maunawaan ang aralin
3. pagpapakita ng suporta sa mga anak na nag-aaral
4. pagkamit sa mithiing magpapaunlad ng pamilya
5. pagsunod sa mga utos at payo ng magulang
6. pag-alalay sa kasapi ng pamilya na may kapansanan

Tuklasin
Gawain 2
1. Edukasyon
2. Pananampalataya
3. Pagpapasya

Subukin

1. C
2. C
3. A
4. C
5. D
6. B
7. D
8. C
9. D
10. D
11. B
12. D
13. D
14. D
15. D

Tayahin

1. B
2. D
3. C
4. D
5. D
6. C
7. C
8. A
9. C
10. D
11. D
12. D
13. D
14. B
15. D

**Gawain 3:**
1. Tinuturuan ang bata ng kanyang ina sa pagbabasa.
2. Ginagabayan ng ama ang kanyang anak sa pagpili ng tamang kurso.
3. Sabay-sabay na nananalangin ang buong pamilya.

Isaisip
Gawain 6:

1. isa ito sa kanilang misyon na mabigyan ng edukasyon ang anak
2. sa anak sa pagpauunlad ng kakayahan sa pagpapasya
3. mahuhubog ang mga anak sa mabuting asal na nagsisilbing gabay upang maging isang mabuting tao

# *Sanggunian*

**Aklat**

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral.* 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

**Hanguang Elektroniko**

Timado, Mich. *slideshare.net.* November 5, 2018. https://www.slideshare.net/michtimado/esp-8-modyul-2 (accessed May 20, 2020).

**cPara sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph